# In-update ng Lungsod ng Brampton ang mga programa at serbisyo alinsunod sa mga bagong hakbang sa COVID-19 ng Lalawigan

BRAMPTON, ON (Disyembre 20, 2021) – Bilang tugon sa mabilis na kumakalat at madaling makahawang Omicron variant ng COVID-19, nagmungkahi ang Pamahalaan ng Ontario ng mga karagdagang hakbang sa pampublikong kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, kabilang ang mga limitasyon sa kapasidad at pagtitipon ng mga tao.

**Mga Hakbang sa Pampublikong Kalusugan**

Mga Pribadong Pagtitipon ng Tao

Mula Disyembre 19, 2021, pinapahintulutan ang mga pribadong pagtitipon ng tao na mayroong hanggang:

- 10 katao sa loob ng gusali (indoor)
- 25 katao sa labas ng gusali (outdoor)

Mga Organisadong Pampublikong Kaganapan

Mula Disyembre 19, 2021, pinapahintulutan ang mga organisadong pampublikong kaganapan na mayroong hanggang:

- 25 katao sa loob ng gusali na may mga ipinapatupad na hakbang para sa pagsusuot ng face mask at pisikal na pagdistansiya.
- Pinapahintulutan ang mga panlabas na organisadong pampublikong kaganapan na walang limitasyon sa bilang ng tao. Dapat na magsuot ng pantakip sa mukha kung hindi posible ang pisikal na pagdistansiya nang 2 metro.

Mga Limitasyon sa Kapasidad

Mula Disyembre 19, 2021, may mga ipinapatupad na limitasyon sa kapasidad na 50 porsiyento sa mga sumusunod na panloob na pampublikong lugar:

- Mga restaurant at bar
- Mga serbisyo sa personal na pangangalaga
- Mga sentro ng pagsasanay para sa personal na pisikal na fitness
- Mga retailer (kabilang ang mga tindahan ng grocery at botika)
- Mga shopping mall
- Mga lugar ng pasilidad na ginagamit para sa aktibidad sa isports at panlibangang fitness (hal. mga gym)
- Mga panloob na panlibangang amenidad
- Mga panloob na clubhouse na matatagpuan sa mga panlabas na panlibangang amenidad

- Mga serbisyo sa tour at guide
- Mga studio at serbisyo sa photography

Hindi nalalapat ang mga limitasyong ito sa anumang bahagi ng negosyo o lugar na ginagamit para sa kasalan, libing, o panrelihiyong serbisyo, kaganapan, konsiyerto, o seremonya. Kakailanganin ng mga negosyo o pasilidad na magpaskil ng karatulang isinasaad ang mga limitasyon sa kapasidad na pinapahintulutan sa establisimyento.

Mga Karagdagang Hakbang

Para higit na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at ng Omicron variant, inilalapat din ang mga karagdagang pamprotektang hakbang:

- Lilimitahan sa 10 katao ang bilang ng parokyanong pinapayagang umupo sa mesa at kakailanganin ng mga parokyano na manatiling nakaupo sa mga restaurant, bar, at iba pang establisimyento ng pagkain o inumin, espasyo para sa pagpupulong at kaganapan, at strip club.
- Kakailanganing magsara ng mga bar at restaurant, espasyo para sa pagpupulong at kaganapan, at strip club nang 11 pm. Pinapahintulutan ang takeout at delivery kahit pagkatapos ng 11 pm.
- Hindi pinapahintulutan ang sayawan maliban ang para sa mga manggagawa o performer.
- Ipagbabawal ang mga serbisyo sa pagkain at/o inumin sa mga sporting event; venue ng konsiyerto, teatro at sinehan; casino, bingo hall at iba pang establisimyento para sa laro; at mga karerahan ng kabayo at sasakyan at iba pang katulad na venue.
- Ipagbabawal ang pagbebenta ng alak pagkatapos ng 10 pm at ang pagkonsumo ng alak sa mga negosyo o lugar pagkatapos ng 11 pm.

Basahin ang buong pahayag ng balita ng Lalawigan dito.

**Mga Serbisyo, Programa, at Pasilidad ng Lungsod**

City Hall at Mga Pasilidad ng Korporasyon

Mananatiling bukas ang City Hall at mga pasilidad ng korporasyon para sa mga harapang serbisyo ngunit para sa may appointment lamang. Hindi pinapahintulutan ang mga walk-in. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang www.brampton.ca/skiptheline.

Sa paparating na holiday season, maraming tanggapan ng Lungsod ng Brampton, kabilang ang City Hall, ang magsasara sa publiko mula Biyernes, Disyembre 24, 2021 nang 12 pm hanggang Martes, Enero 4, 2022 nang 8:30 am. Basahin pa ang tungkol sa holiday season ng 2021 sa Brampton sa panahon ng pandemya ng COVID-19 dito.

The Rose at Mga Pasilidad para sa Sining Pantanghalan:

- Mananatiling ipinapatupad ang mga kinakailangan sa pagsusuot ng mask para sa lahat ng mga panloob na venue
- Patuloy ang mga performance sa loob ng gusali nang may kapasidad na 50%

- Patuloy na magiging available ang refund ng buong ticket (credit/cheque, credit sa account, donasyon) sa lahat ng parokyano
- Mananatiling sarado ang mga bar ng The Rose; walang ihahain o ibebentang pagkain o inumin.
- Kinokonsidera ang mga rentahan depende sa sitwasyon, alinsunod sa mga umiiral na proseso at oras ng mga pagpaparenta
- Kinakailangan ang patunay ng pagpapabakuna o medikal na pagbubukod para sa lahat ng parokyano at kliyente ng rentahan
- Kinakailangan ang patunay ng pagpapabakuna o patunay na negatibo sa COVID-19 sa pagsusuri para sa lahat ng tauhan, boluntaryo, kontratista, at artist, curator, at co-presenter sa Lungsod ng Brampton

Libangan

- Mga Programang Kailangan ng Pagpaparehistro at Mga Drop-In na Programa – Lahat ng mga drop-in na programa (maaaring puntahan ayon sa iskedyul nang hindi nagpaparehistro) para sa paglangoy, pag-skate, at fitness ay ia-adjust sa 50% ng kapasidad bago magkaroon ng COVID. Hindi maaapektuhan ng bagong regulasyon ang mga programang kailangan ng pagpaparehistro. Inaayon ang mga kapasidad sa mga programang ito sa mga ratio ng dami ng kalahok kumpara sa tagapagturo, na hustong mas mababa sa 50% ng pinakamataas na kapasidad ng silid.
- Mga Sentro para sa Fitness – Patuloy na magiging available ang access sa mga sentro para sa fitness nang first-come, first served (ayon sa pagkakasunod ng oras ng pagdating) nang inaatas ang kapasidad na 50%. Susubaybayan ng tauhan ang trapiko sa pamamagitan ng regular na pagbilang ng pagdaan sa pasukan para matiyak na hindi lumalampas sa paghihigpit sa kapasidad.
- Mga Pagpaparenta ng Silid – Nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga magiging mayhawak ng kontrata sa pagpaparenta nang may impormasyon tungkol sa bagong mga kinakailangan sa kapasidad sa lalawigan. Kung posible, papatuluyin ang mga mayhawak ng kontrata sa mas malaking espasyo nang walang karagdagang singil o aalukin sila ng credit/refund.
- Mga Refund/Credit – Magbibigay ng buong credit sa account sa sinumang na-withdraw mula sa isang programa, nagkansela ng pagpaparenta, o nagkansela ng membership. Maaaring magsumite ng kahilingan ang sinumang gustong humiling ng refund sa pamamagitan ng recreationadmin@brampton.ca o tauhan ng pasilidad.
- Mga Konsesyon – Pansamantalang magsasara ang mga konsesyon hanggang magkaroon ng higit pang abiso. Patuloy na papayagang magbukas ang mga bar, ngunit paghihigpitan ang pagbebenta ng alak pagkatapos ng 10 p.m.

Direktang makikipag-ugnayan ang tauhan sa mga naapektuhang residente at gagawing available online ang detalyadong update.

*Patunay ng Pagpapabakuna sa Mga Pasilidad ng Libangan*

Alinsunod sa bagong anunsiyo ng lalawigan na may bisa simula Enero 4, 2022, kakailanganin ng mga parokyano na gamitin ang pinahusay na sertipiko ng bakuna na may QR code at ang Verify Ontario app para makapasok sa Pasilidad ng Libangan ng Lungsod ng Brampton. Maaaring gamitin ang QR code sa digital na paraan o sa pamamagitan ng pag-print ng papel na kopya. Maaaring i-download ng mga indibidwal ang kanilang pinahusay na sertipiko na may QR code sa pamamagitan ng pagbisita sa https://covid-19.ontario.ca/book-vaccine/.

Bukod pa rito, simula Enero 10, 2022, hindi na tatanggapin ang mga abiso ng doktor bilang may bisang pagbubukod sa pagpapabakuna. Beberipikahin lamang ang mga medikal na pagbubukod gamit ang sertipiko na may QR code.

*Contact Tracing at Pag-screen ng QR Code sa Mga Pasilidad ng Libangan*

Simula Enero 3, 2022, kakailanganin ng lahat ng kostumer na kumpletuhin ang isang form para sa online na pag-screen at contact tracing (pagtukoy sa nakasalamuha) bago ang pagdating sa sentro ng komunidad. Maaaring i-access ng mga parokyano ang online na tool sa pag-screen sa pamamagitan ng pagbisita sa www.brampton.ca/recscreening o pag-scan sa QR code na matatagpuan sa mga pasukan ng pasilidad.

Maaaring makatipid ng oras ang mga bisita sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga pre-screening na tanong online gamit ang isang smartphone/computer nang mas maaga. Gayundin, maaaring kumpletuhin ang form sa lugar ng pasukan. Pagkarating sa nakatalagang lugar/pasukan para sa pag-screen, dapat na magpakita ang lahat ng bisita ng kumpirmasyon ng pag-screen (berdeng tsek na marka) sa pamamagitan ng cellphone o print out. Patuloy na magiging available sa site ang contact tracing na gumagamit ng papel para sa mga bisitang hindi gustong kumpletuhin ang online na pre-screening.

*Mga oras sa holiday ng Sentro ng Libangan ng Brampton*

Ang mga oras ng operasyon sa holiday ay makikita sa www.brampton.ca/holidayhours.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga panlibangang programa at serbisyo, bisitahin ang www.brampton.ca/recreation.

*Mga Panlabas na Amenidad*

Ang mga panlabas na skating rink ay bukas sa buong holiday season, kapag maayos ang lagay ng panahon. Ang mga oras ng operasyon at buong detalye ay matatagpuan sa www.brampton.ca/outdoorskating.

Ang Mount Chinguacousy ang destinasyon ng ating lungsod para sa Skiing, Snowboarding at Tubing na matatagpuan sa Chinguacousy Park. Ang Mount Chinguacousy ay nakatakdang magbukas sa Disyembre 27, kapag maayos ang lagay ng panahon at niyebe. Para sa lahat ng impormasyon, kabilang ang mga oras ng operasyon, kung bukas o sarado, at mga detalye ng pagpaparehistro, bisitahin ang www.brampton.ca/MountChinguacousy.

I-explore ang www.brampton.ca/winterwonderland para sa higit pang mga oportunidad sa kasiyahan sa taglamig sa labas at patuloy na mga update sa kalagayan ng amenidad

**Mga Pagpapabakuna sa COVID-19**

Mga bakuna ang pinakamahusay na paraan para maprotektahan ang iyong sarili at ang iba. Maaari na ngayong mag-book ng mga appointment para sa sinumang limang taong gulang pataas sa pamamagitan ng sistema ng pag-book ng bakuna ng Ontario o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1.833.943.3900.

Maaari na ngayong mag-book ng mga appointment para sa mga indibidwal na may edad 18 pataas para magpaiskedyul ng kanilang appointment para sa booster sa COVID-19 kung tatlong buwan o mahigit na ang lumipas mula noong kanilang huling dosis. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang https://covid-19.ontario.ca/covid-19-vaccines-ontario

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pagpapabakuna sa COVID-19, bisitahin ang vaccine portal ng Lalawigan.

**Mga Mask**

Pinapaalalahanan ang mga residente na pinalawig ng Lungsod ang Brampton COVID-19 Mandatory Face Mask By-law (Tuntunin ng Brampton sa Mandatoryong Pagsusuot ng Face Mask para sa COVID-19) nito hanggang Abril 1, 2022.

Sa ilalim ng COVID-19 Mandatory Face Mask By-law, kinakailangan ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask sa lahat ng panloob na pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga scarf, bandana, neck gaiter, o neck warmer at mga mask na may exhalation valve ay hindi tinatanggap na anyo ng mga pantakip sa mukha. Sa ilalim din ng tuntunin, maaari lamang alisin ang mga mask kung kakain o iinom kung nakaupo ang isang indibidwal sa nakatalagang lugar para sa layuning iyon.

Pinapasalamatan ng Lungsod ang mga residente para sa patuloy na paggawa ng kanilang bahagi, pisikal na pagdistansiya, pag-uugali ng mabuting kalinisan ng katawan, at pagsusuot ng mga mask para makatulong na mapigilan ang pagkalat.

**Mga Link**

- Mga update sa programa at serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton
- Pagpapanatili sa mga negosyo at lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19
- Pinahusay na Sertipiko ng Bakuna sa COVID-19 na may QR Code at Verify Ontario App
- Mga bakuna sa COVID-19

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca